

Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

**TALK TO THE PEOPLE OF
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE
ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)**

[29 March 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Magandang gabi sa mga kababayan ko. Lahat ng Pilipino ay mahal ko kasi kadugo ko. At pinag-usapan natin ngayon itong mahirap na sitwasyon dito sa atin.

Bago sa lahat, para walang lituhan at hindi nagkakamali at hindi masabi na hindi nasabihan, that you were ignorant about it, I am reading again the newest bulletin pinalabas ng IATF para sa mga ating enhanced or lockdown na 'yan eh halos. Alam mo I would be the last person --- ako ang pinakahuling tao dito sa Pilipinas na magpapahirap sa Pilipino.

If only I had the power --- kung nandiyan lang sa akin 'yong poder na like a magic wand na maalis kaagad itong problema natin, mawala, gagawin ko. I'm having a hard time. I'm grappling with the issue of COVID. It takes most of my time actually. More than any other papers, it's the COVID that is taking my time or most of my time looking for ways and kung ano na ang nangyayari doon sa labas kung saan tayo makakuha.

Ganito na lang basahin ko muna tapos isunod ko kung bakit we are allowing the private sector immediately na to open the buying of COVID vaccines --- anti-COVID vaccines --- maski saan sila makakuha because ang ating gobyerno eh iyon lang rin ang ibinigay sa atin, limitado. Something has gone wrong. In most of the countries, they are --- they shanghaied --- iyong shanghaied 'yong parang kinuha na nila na sa kanilang gobyerno at ewan ko there's a ruckus now somewhere in... We are not allowed to mention the name of the countries but may --- there's something... There's a ruckus going on and the fight for COVID possession is ongoing. It's a very serious one.

But before that, let me read the --- ano ang klaseng quarantine ang naka-impose sa mga bagay --- mga --- not bagay --- mga places, local governments na nakaano sa --- na hihigpitan.

I'll start by reading the places that are under Enhanced Community Quarantine. Kagaya `yan sa una. Halos back to zero tayo dito. NCR, Bulacan, Cavite, Laguna, Rizal. That is March 29 until April 4 ang kanilang subject to review. Ang Modified Enhanced Community Quarantine ang Quirino Province, that is April 1 to 15, 2021. For de-escalation of the quarantine the --- it will be loosened or stricter depending on the --- depending on the result of the surveys.

Today, Metro Manila I think registered 10,016?

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Nationwide po, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Ten thousand ---

SEC. DUQUE: Sixteen po, 10, 016.

PRESIDENT DUTERTE: --- sixteen. Ngayon. So, bakit? Eh tumataas eh. Bakit? Eh patuloy pa rin `yong mikrobyo na gumagana sa katawan ng tao dito sa Pilipinas.

To continue, the Modified Enhanced Community Quarantine – City of Santiago, Isabela. Ang General Community Quarantine: the entire Cordillera Administrative Region; Region II is Cagayan, Isabela, Nueva Vizcaya; Region IV-A – Batangas; Region VIII – Tacloban; Region X – Iligan City; Region XI – Davao City; ang BARMM kasali ang Lanao del Sur. Dito tayo sa Modified General Community Quarantine – well, it is for the rest of the country.

So aside from those countries --- the places that I have mentioned, iyon `yong mga strikto; itong the rest of the Philippines, Modified General Community Quarantine lang.

Now, bakit ganoon? Ang gobyerno ba natin nagkulang? Ang gobyerno ba natin walang ginawa? Alam mo sa totoo lang ang naka-lockdown ngayon, naka-lockdown ang the countries of Ukraine, France, Germany, Poland, Italy. Seventy-five percent of Italy has entered a new lockdown in a bid to fight the rising rates of coronavirus. Hindi lang tayo. Nauna na nga sila sa vaccine and yet itong may bagong strain ewan... I'm not a doctor or a medical practitioner pero may mga reinfection sila at may bagong strain at ito `yong tinatakutan (kinatatakutan) ko.

Now ito sa atin, kanina galing ako airport may dumating na 1 million. Sinalubong ko. Lumipad ako galing Davao tapos just in time nandoon 'yong eroplano, PAL, which was leased by the government precisely to bring in the 1 million.

Ang sunod na delivery natin is 2 million pero wala pang siguro 'yan. Dito sa mga countries na ito na sinasabi ko nag-aagawan sila. I cannot name the countries because I was warned not to mention the names. Nag-aagawan sila ngayon at ang sabi ko hinold (hold) ang ano, hinold. Now, dapat sabihin 'yan kasi para malaman rin natin na how unfair it is really, especially if we are on the side of the poor na 'yong ma-hold 'yong bakuna.

So wala man tayong magawa. Ang akin ng decision is I have ordered Secretary Galvez to sign any and all documents that would allow the private sector to import at will. Maski magkano o ilan ang gusto nilang ipasok okay sa akin. Tayong gobyerno, ito lang ang nakuha natin, ito lang rin ang ibinigay.

Well, of course, hindi natin masabi na mas marami ang mabili ng private sector. But dito sa Pilipinas maraming mga negosyante na gustong bumili kasi ibigay nila sa kanilang mga trabahante. You know what is the reason? Do you know the reason why? So that the economy can be opened. Iyong mga factories nila walang trabahante because ito ngayon karaming restrictions sa mobility ng tao. There are so many restrictions and workers come from all places.

So it's hardly --- doubly hard for government really to... Alam mo itong --- teka muna ha. Let me give you this warning pati mag-prangkahan tayo. Itong dumating ngayon na 1.2 million para lang ito, tamang-tama lang ito sa mga frontliners, sa mga health workers, at 'yong lahat na may koneksyon doon sa trabaho sa --- in fighting COVID.

Ang gusto ko lang malaman Secretary Galvez itong mga --- for example, medical people but who are not at all doing work in a hospital or mga practitioners 'yan. Iyong hindi talaga --- may ibang negosyo not the practicing ones. Should they be considered also ordinary civilians?

Kung ako hindi ko ibigay kung --- kasi kung hindi naman connect --- in connection with your job, mayroong mga tao na hindi --- medical ang edukasyon, medicine, nursing pero hindi nagpa-practice. They are not practicing their profession. Would they be considered also priority or just an ordinary citizen who should be in line doon sa priority?

SEC. DUQUE: Tama po kayo, Mr. President. They will not be considered as healthcare workers for the simple reason, sir, na 'yong risk exposure nila halos wala compared to the healthcare workers in the hospitals both local and national, both public and private po.

At mga iba pang mga facilities ang atin pong mga isolation quarantine facilities, 'yon pong ating mga barangay health workers, 'yong atin pong mga doktor sa mga AFP, PNP, 'yan po talaga kasama po 'yan sa A1 at sila po 'yong binibigyan natin ng prayoridad.

Ngayon kung doktor na hindi naman nagpa-practice, halimbawa negosyante naman, sir, walang risk exposure in the same manner that healthcare workers who are actually working in the healthcare facilities are exposed.

Iyon lang po. Tama po kayo, Mr. President. They have to be considered as part of the --- the general population and must follow the pecking order in the prioritization, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Just be on the reasonable side, kung ano lang 'yong resonable. Kung hindi ka naman talaga exposed sa anong klaseng mikrobyo because you have not visited any clinic or hospital, then you should be considered an ordinary person and last in the priority of people who'd get the vaccine early.

So itong nakuha ko na 1 million ngayon tamang-tama lang ito sa health workers. Iyong 1.2 na expected natin ngayong April, hindi pa sigurado ito pero tamang-tama pa rin ito sa mga health workers. Hindi pa ito for sa --- hindi pa 'yong --- 'yong next in line doon sa priority.

Iyan --- 'yan --- ganoon kahirap ang sitwasyon ng mundo. Mayroon tayo, naghahabol tayo, gusto nating bumili, may pera na tayo, sinabi ng World Bank pati the Asian Development Bank, "*O sige, pahiramín ka namin.*" Ayan may pera na tayo. The money is made available to us. I suppose that is what the Bank has told our people. Ang problema kulang pa rin. So we expect a very --- not really a dark future, but we expect a bleak months in -- - baka mahawa ka nga eh. Ang problema mahawa ka.

So 'yong mga private sector... Eh ito warning lang ito ha. Huwag ninyo akong pilitin baka pupulutin talaga kayo kung saan-saan. I am not --- I am not threatening --- 'yong mga human rights nakikinig. Ito bang nagpapabili ng mga fake, itong nag-i-import na 'yong walang ano, walang source tapos peke, tapos ang mga tao magpabakuna, magbayad nang mahal dahil nga may bakuna available hindi na maghintay.

I'm just warning you, huwag na huwag kayong magkamali dito na hirap na ang Pilipino tapos dagdagan mo ng ganitong pamaraan ng hanapbuhay, pupulutin ka talaga kung saan. Hindi ako nagbibiro. Pupulutin ka kung isu --- kung saan ka maitapon. Huwag mong --- huwag mong gawain ninyo 'yan.

Mag-warning --- magpeke na kayo ng mga candy diyan pati ano, huwag itong medisina. I am warning you. I say it now, I'm saying it again and I will not say it anymore: Huwag kayong magkamali dito. Talagang... Well, nasa iyo kung gusto mong --- kung gusto mo na, panahon mo, eh 'di sige. Hahanapin kita at ibigay ko sa iyo ano ang dapat para sa iyo. Ganito lang ang mundo eh, hindi mo mapigil 'yang mga ganitong klaseng krimen.

Sandali lang, mayroon pa akong masabi. Now, we are really doing our very best, our very --- the best of our best na talent getting the vaccine from anywhere na para menos-menos 'yong hawaan.

Now, intindihin ninyo itong mabuti mga kababayan ko, 'pag hindi ito nasu --- naano natin, we have to understand government, allow a certain --- bigyan mo kami kaunting --- medyo stretch your patience and understanding. We are doing our best. We are not a vaccine producing country. Wala tayong expertise, wala tayong knowledge, medical-scientific knowledge. So naghihintay tayo.

And alam mo kasi may mga bakuna, tatlo o dalawang beses itirik. Usually, 'yong ano --- 'yong Sinovac dalawang beses 'yan. So twice until that is after one week, I think, you have to get another shot.

So 'yan, it stretches the --- a mile long ang --- ang journey natin sa paano natin isugpo ang bakuna. That is how hard it is para makakuha lang talaga tayo. Iyon 'yong ganoon kahirap. Gusto ko na ngang umiyak sa harap ninyo pero naubos na ang luha ko.

Hay buhay. Kung alam lang ninyo ang --- ang... Para akong dumadaan ng purgatoryo ngayon at this time hanggang hindi matulungan ang lahat ng Pilipino.

May isa pa pala ako. Kaya pala ako pabalik-balik ng salita eh. Iyong mga nadiskaril sa finances nila, na-ano kayo sa pera. Naghirap kayo kasi walang -- hindi makalabas. Magdasal lang kayo. We will give you the ayuda. Ayuda is assistance, help.

Secretary ng Budget, si Wendel Avisado. Del, ka --- ma --- hanggang kailan mo maibigay? When can you make the distribution? And explain to us how do you propose to do the distribution this time.

DBM SECRETARY WENDEL AVISADO: Good evening, Mr. President, and everybody in attendance. Very briefly, can I request the Secretary of Health to please share the slides?

This is how we are proposing, Mr. President, the Supplemental Amelioration Program for those affected by the Enhanced Community Quarantine in the NCR Plus and the four provinces.

Mr. President, the proposed Supplemental Amelioration Program will be given as soon as we receive your approval, Mr. President, because the memorandum addressed to you is with --- if I'm not mistaken --- with the Office of the Executive Secretary now.

So...

PRESIDENT DUTERTE: Do you know if it is ---

SEC. AVISADO: this is ---

PRESIDENT DUTERTE: Do you know if it is already in my desk? Iyong panggabi ko na study room, wala pa? Because kung nandoon na 'yan, pipirmahan ko kaagad this time. After this, diretso na ako doon sa bahay.

Upuan ko na lang kung saan na ang papel ngayon. But kung wala, I'd like to request the --- si ES to expedite soonest.

Sige, Del, continue.

SEC. AVISADO: Yes, Mr. President. Ganito lang po 'yan. Ito po 'yong makita niyo sa first column, iyong mga local government units na covered at ang total population po nila based on the latest estimates from the Philippine Statistics Authority.

At out of the total population, Mr. President, ang iko-cover po natin is at least 80 percent 'no nung total population. Kaiba ito noong last Bayanihan 1 natin 75 lang. Ito ngayon, talagang dinagdagan pa natin ginawa na nating 80 percent.

So kung sa NCR po, ang 80 percent po diyan, aabutin ng mga 11.2 million; sa Bulacan, three million; sa Cavite, 3.4 million; sa Laguna, 2.7 million; at sa Rizal, 2.6 million; or a total of 29 point --- ah rather, 22.9 million.

[Next slide, please]

PRESIDENT DUTERTE: Diretsuhin kita, may pera tayo?

SEC. AVISADO: Ah mayroon, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Ah...

SEC. AVISADO: Mayroon po. Makakaasa po kayo may pera po tayo. Ito nga pong funding source natin, 23 billion po. So makikita natin doon sa total kanina, umabot lang ng 22.9. So may natira pa tayong kaunti sa 23 billion.

The balance from the BTr certified sources which will be utilized for this, is pursuant to the authority granted to you under Bayanihan 2 kasi po ang validity ng appropriations ng vali --- ng Bayanihan 2 was extended until June 30 pursuant to R.A. 11519.

So ganito po ang magiging kalakaran natin sa pagbibigay po ng ayuda.

[Next slide, please]

Makita po natin na ang ating ibibigay ay 1,000 pesos per individual and not more than 4,000 per family. Opo. So ang total funding requirement po

niyan, kung tig-wa-1,000, ay aabutin ng 22.9 million. So iyan po ang total funding requirement natin.

[Next slide, please]

Sa meeting po ng ano po ng IATF kahapon, at in the exigency of the need to provide immediate assistance, ang mga pondo po, once you have approved it, will be released to the LGUs for distribution to affected individuals in kind --- in kind po, Mr. President --- to ensure that food and other non-food requirements are adequately provided.

So wala po tayong cash po dito po. We will leave it to the local government units dahil sila naman talaga ang first line of pinupuntahan ng mga tao na sila po ang mag-allocate nito base po doon sa approval ninyo na at least 1,000 pesos per person.

At makakaasa po kayo na once naaprubahan po ninyo, antimano, mag-i-issue na kaagad kami. Nakahanda na po 'yong SARO at NCA na i-issue namin sa Bureau of Treasury. Tapos ang Bureau of Treasury naman will in turn download na the funds to the LGUs through their MDS accounts through Landbank, and/or DBP, or Philippine Veterans. Depende po kung saan nakalagay 'yong kanilang mga MDS account.

So ganito lang po kasimple, Mr. President, ang gagawin natin at makakaasa ang ating mga kababayan na kumikilos po talaga kayo na para po mapaabot kaagad sa kanila ang ayuda, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Let me ask you a question. How sure would we be na dadating talaga doon sa tao na were intended to be --- to benefit from this? What I mean is anong listahan? So if it's Rodrigo Duterte, Wendel Avisado, you get about 100 in kind, pagkain, delata, bigas, ganoon. So how do you check?

SEC. AVISADO: Opo, Mr. President. Tulad po noong ginawa natin sa Bayanihan 1, mayroon po silang requirement ang mga LGUs na kailangan po nakalista lahat 'yong mga beneficiaries. Tapos po magsu-submit sila ng report of disbursements and utilization of the funds kung paano nila ginastos

'yon, at idadaan po din 'yan sa COA po kasi lahat po naman 'yan ia-account natin. Or at first instance, ang mga LGUs talaga po ang kailangan kumilos dito at siguruhin nila na maibibigay nila. Kung hindi, mananagot po talaga sila, ang mga mayors natin lalo pa dahil sa kanila po nakasalalay ang madaliang pagbibigay ng ayuda sa kanilang mga nasasakupan, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Would the list in the possession of the local government units be the same list that we adopted in the distribution sa Bayanihan?

SEC. AVISADO: Yes, Mr. President po.

PRESIDENT DUTERTE: Eh 'di ganoon na lang.

SEC. AVISADO: Opo.

PRESIDENT DUTERTE: Kung saan tawagin ng mga mayor 'yong nasa listahan. Iyon naman talaga 'yong mga beneficiaries na dapat mabigyan at bigyan. Siya na ang magbigay in kind. Hindi man pera ibigay in kind.

Pero gamitin nila 'yong listahan na ginamit ng national government sa Bayanihan 1 para ma-check natin. Eh wala man akong ano --- wala --- wala akong ibig sabihin ha. I mean I --- I would concede good faith.

Ang --- but... Pero alam naman nila pagka ganoon, down the line that's what --- noong una nung 'yong Pantawid na pamigay natin ng pera, I --- I issued a warning. But despite of that, several --- doon sa baba nagkaleche-leche. So demandado sila ngayon.

So hindi ko naman sabihin na ano because itong mga mayor 'to eh. Gusto ko lang malaman na i-adopt na lang nila 'yong listahan natin sa Bayanihan 1 because that would ensure that the real benefits are really given to the --- to the real person.

SEC. AVISADO: Yes, Mr. President. Ang totooan po niyan and I expect lalo pa sa mga mayors na madadagdagan pa po 'yan kasi lumalaki din po, lumolobo din po 'yong mga nasasakupan nila. So bale ang tugonan nila, sila naman din ang maghahanap ng paraan na madagdagan pa nila.

PRESIDENT DUTERTE: Right.

SEC. AVISADO: Kasi mabuti nga na kahit na papaano nakahanda po kayo na tulungan sila, at through the national government, at sila naman po magpapakita sila na nagsisikap po sila. At ako naman naniniwala sa ating mga local chief executives na gagawin po nila lahat para po masiguro na susundin nila 'yong pamantayan nung pagbibigay ng ayuda at 'yong corresponding report na gagawin nila po sa atin dahil po ire-report po natin 'yan at dadaan po sa COA 'yan.

At sinabi na nga po ninyo eh hindi puwedeng maglokohan dito dahil mahirap na ang sitwasyon natin dito ngayon, magtulungan po tayo dito at ito naman po suportado ng ating Department of Finance, pumayag si Secretary Dominguez, si Secretary Karl Chua. At ganoon din, nakipag-ugnayan din kami kay Secretary Rolly Bautista ng DSWD para masiguro lang po 'yong coordination sa smooth implementation nitong ating Supplemental Amelioration Program, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: May isang tanong pa ako. Do we need at all the consent of Congress?

SEC. AVISADO: Hindi po, Mr. President, dahil po under the Bayanihan 2, you are given the authority to utilize any unutilized appropriation in response to the pandemic, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Okay.

SEC. AVISADO: Maliwanag po 'yan sa Bayanihan 2. Kaya nga po ito available po ito na mga pondo na gagamitin natin for this purpose. Dahil ang Bayanihan 2 naman po na-comply na natin lahat 'yong funding requirements

doon. Umabot po 'yon ng 165 billion subalit ang release nga po natin umabot ng 165.6 billion pa.

At ito naman mayroong mga unutilized na kinuha natin sa iba't ibang sources na sinertify (certify) naman ng Bureau of Treasury. Galing po ito sa debt cert --- debt exchange transactions, sa savings from interest payments, sa additional revenues, sa available cash balances, revenue from government securities, concession fee, dito po.

Wala po tayong ginalaw po na budget for this year dahil po ito nga po 'yong mga sobra na hindi pa natin nagagamit. Kaya masuwerte din po talaga tayo dahil kahit na papaano masinop ang pagkaka-manage natin ng ating pera kaya po kahit na papaano may nadudukot po tayo. Opo.

PRESIDENT DUTERTE: Sana... Ano ba tayo ngayon? Twenty-nine. So siguro mga --- aabot 'yan mga by April --- first week of April, kaya?

SEC. AVISADO: Sir, kung ---

PRESIDENT DUTERTE: Nandiyan ba si ---

SEC. AVISADO: --- kung maaprubahan niyo po kaagad, sir, mare-release po kaagad 'yan.

PRESIDENT DUTERTE: So if I sign it tonight, which I'm going to sign ---

SEC. AVISADO: Please, please, please sign it tonight.

PRESIDENT DUTERTE: --- si --- nandiyan man si --- *[Is General Bautista listening also, si Rolly? Nandiyan ba si Rolly?]* Ro, pakitulong na lang doon sa --- paki sort of an oversight na mapadali 'yong transaction na pa-downloading. I-follow-up mo pati 'yong --- you do the counterchecking after the distribution of the goods para ma --- ang feedback mo. And diyan man talaga sa iyo bagsak 'yang mga --- lahat. It's your --- it's your office, it's

your department that will be the --- the --- the last place where it would be sent itong ano --- itong mga... Just to check.

I'm not saying na --- sabi ko nga eh more than anybody else, it's the mayor who are really interested. Kung maraming siyudad na medyo mayaman, dadagdagan pa nila 'yan. So ang akin lang is alam mo na puro --- let us just be careful because may nangiyaw, ngiyaw, ngiyaw, ngiyaw, ngiyaw, ngiyaw, ngiyaw dito at hindi ko --- maski ano-anong ginagawa ng mga ulol. These are the mutants of COVID-19. So siguraduhin lang natin na walang katiwalian. Which I ---

DSWD SECRETARY ROLANDO BAUTISTA: Mr. President ---

PRESIDENT DUTERTE: --- ako, ako --- I place my full faith and confidence in the mayors that they will do it.

SEC. BAUTISTA: Mr. President, can I --- can I say something, Mr. President?

PRESIDENT DUTERTE: Yes, go ahead.

SEC. BAUTISTA: Mr. President, apparently 'yong implementation na 'to will really be on the scrutinizing --- scrutinizing eyes of the DILG. Kasi when we implemented the Bayanihan 1, talagang may mga guidelines ang atin pong DILG in terms of --- example po, Mr. President, posting of all the beneficiaries in conspicuous areas. At the same time, 'yong data kung kailan isa-submit 'yong data, list of beneficiaries, ang nagbibigay po lahat ng deadline niyan is the DILG.

Maganda rin po dito, Mr. President, is on our side, we will also set up grievance mechanism. Although sa level siguro, Mr. President, ng LGU, they should also have a grievance mechanism.

So magkakaroon po tayo ng check and --- check and balance na pagka ang grievance ay umabot po sa amin, then we will immediately coordinate with

the DILG and at the same time, with the local chief executives. Experience din po natin sa Bayanihan 1, very stringent po ang COA rules and any discrepancies talagang napapansin po ng COA.

Iyon lang po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Actually, ganito 'yan Rolly, pagkatapos na na-download 'yong ano, na-download na 'yong pera, wala na si Wendel diyan. Wendel is totally out. He has nothing to do with it anymore.

It's now the problem doon sa iyong transmission kung gaano kabilis tapos pagdating doon, it's a --- the --- your department takes over in overseeing all of these things and seeing to it that the requirements are followed.

Not because we do not trust the mayors, I said. Iba ito eh. Iyong iba ito 'yong noon na pinadaan natin kung sino-sino tapos nawala 'yong --- 'yong ibang pera nawala. Hindi naman lahat but there were a lot of complaints regarding na --- the non-remittance of the money.

So ang itong lahat ng checking whether it has been complied with, and all of these things, these are within the province of the department of local governments. Sa iyo 'yan, General Bautista.

Can we start now with the reports? Ito ha, may isa --- bigyan lang ninyo akong isang ano. I --- nandito sa harap ko, it's a list of suspended government personnel. The name is Danilo Yema Jr., Police Captain - grave misconduct for committing graft and corrupt practices. Suspended for six months. No, I'm ordering the papers of this case to be forwarded to my office. I will review.

Now ito, Federico Javier, Police Master Sergeant – grave misconduct for committing graft and corrupt practices. Suspended for 60 days. Arvin Abella, Police Corporal – grave misconduct for committing graft and corrupt practices. Roberto Descallar, Patrolman – grave misconduct for committing graft and corrupt practices. Suspended for 60 days. Ronnel Abarcar, Patrolman - grave misconduct for committing graft and corruption.

You know, in graft and corruption, whether it is one peso or 1,000, it's still the same. So pagka itong t*** i**** graft na ito, pagka graft and corruption, diretso 'yan dismissal. Kung sinong opisina nito handled the --- rendered the decision, kindly forward all of the papers to my office to the Executive Secretary.

At I --- I do not agree with just suspension. Graft and corruption is dismissal. Iyong ma-police, ma-fireman, ma-mayor's office o ma-mayor o governor, corruption is a serious offense. Ilagay mo, ibalik mo 'yan na suspended for 60 days. Magbakasyon lang 'yan tapos maggagawa na naman ng kalokohan. They should be removed.

Basta... I would like to address now to all, all, all that sa gobyerno: basta graft and corruption, dismissal talaga 'yan. Do not give me that s*** of a suspension-suspension. It's a very serious offense and parang, you know, they're microbes in the organization and they will continue to do it again and again until next time mahuli nanaman sila another suspension, to which I do not agree. They should be dismissed.

Maraming Pilipino sa labas naghahanap ng trabaho. Hindi ko kailangan itong mga p***** i**** 'to. I do not need you in government. Maraming graduates sa Criminology, every year sobra-sobra, tapos magtiis ako sa inyo? P***. Bakit ako magtiis sa isang g*** eh marami naman diyan gustong pumasok?

Graft and corruption, dismissal. That's 3019 --- Republic Act 3019 is graft and corruption. The punishments there, the penalties there are almost severe tapos dito ilagay mo lang sa suspension. Kalokohan 'yan. Paalisin mo 'yan kasi maraming naghihintay ng applicants na matino. Bigyan natin ng panahon 'yong mga ibang Pilipino na makapaghanap ng trabaho.

Who's going to first --- who's going to do the first reporting? Secretary Duque, you have something to say for today?

SEC. DUQUE: Good evening, Ginoong Pangulo; Senator Bong Go, Chair of the Senate Committee on Health; at akin pong mga kasama na miyembro

ng Inter-Agency Task Force; and fellow Cabinet members; at sa atin pong mga kababayan; magandang gabi po sa ating lahat.

Dalawa po ang bahagi ng aking ulat ngayong gabi. Isa po, una, 'yong atin pong usual na COVID-19 situationer at ang ikalawa po, magbibigay kami ng updates on biosurveillance at pinaigting na hakbang para po sa NCR at mga karatig na lugar.

Magsimula po tayo sa COVID-19 situationer at ito po ang mga pangunahing mensahe. Una po ay nakita natin na patuloy ang mabilis na pagtaas ng ating mga kaso. Ang nararanasang pagtaas ay hindi lamang po nanggagaling sa iisang sanhi. Ngunit ito ay dulot ng kombinasyon nang pagsasawalang-bahala sa minimum public health standards at sa pagsasakatuparan ng prevention, detection, isolation, treatment, and reintegration na mga pamamaraan para masugpo ang COVID-19 lalo na ang halaga nang pagtapos ng isolation o quarantine period at ang pagtaas nang mobility ng mga mamamayan kasabay na pagbagal ng ating pagtukoy o pag-detect sa mga aktibong kaso. Ito ay maaari ring napabilis ng mga variants katulad po ng UK variant at ang South African variant.

Kasabay nang pagtaas ng mga kaso, tumaas rin ang ating healthcare utilization rate at the regional and provincial levels kabilang ang ating mga highly urbanized and independent component cities pati na rin ang atin pong mga ICU utilization rate.

Kinakailangan maglaan ng humigit kumulang 50 porsyento ng authorized bed capacity ang lahat po ng ating mga pampublikong ospital; at 30 porsyento naman ng pribadong ospital para sa COVID-19 patients, higit pa sa panahon na may surge.

Pangatlo, kaakibat po nito, dapat rin pataasin ang kapasidad ng mga isolation at quarantine facilities upang hindi magdagsaan sa mga ospital po ang mga asymptomatic at mild cases. Kailangan maabot ang one bed to 1,000 population ratio para po sa ating isolation capacity.

At hangga't maaari po, tanging 10 porsyento lamang ng mga close contacts ang nagku-quarantine sa mga bahay. Ito po sana ay masunod at isang mariin na paalala para po sa ating mga local government units.

So kabilang po ang intervention nang paglunsad ng information and education campaign upang maihatid po sa ating mga kababayan ang wastong impormasyon ukol dito. Kasabay nito ang iba't ibang communication materials na patuloy na nagpapaalala at nagbibigay ng impormasyon tungo sa sapat at mahusay na pagsunod sa atin pong public health standards.

Hangga't may nakikita tayong pagtaas ng mga kaso at hindi pagsunod po sa mga ito ay hindi po kami mapapagod na ipaalala kasama ang atin pong --- ang atin pong Task Group on Strategic Communications, pinangungunahan po ng ating Spokesperson, si Secretary Roque.

At ang atin pong sabay-sabay na binibigyan-diin ang mga paalala katulad ng una: manatili na lamang tayo sa bahay o sa tahanan kung hindi naman kinakailangan lumabas.

Kung may kasama tayo sa bahay, ugaliin natin ang wastong pagsuot ng face mask. At kung hindi maiwasan at kailangan na bumili ng mga pangunahing bagay o pangangailangan ay dapat naka-face shield nang tama, hindi po nasa itaas ng ulo.

Pangatlo po, siguraduhin nating maayos at sapat ang daloy ng hangin sa ating mga tahanan.

At pang-apat, makipag-ugnayan agad sa ating mga Barangay Health Emergency Response Teams kung mayroon tayo pong nararamdamang sintomas ng COVID-19. Hindi po dapat dumidiretso sa ospital.

Para po sa mga nakararanas ng mga bahagyang sintomas ng COVID-19, mangyaring manatili tayo sa mga quarantine and isolation facilities na handang magbigay ng karampatang kalinga kaysa sa mga ospital na mas nakatuong tumugon sa mga pangangailangan po ng mga malubhang kaso

ng COVID-19. Ang mga pampublikong mga pasilidad ay sapat at maayos upang kayo ay matugunan sa inyong mga pangangailangan.

Tungo sa atin pong kaligtasan, ipagpatuloy natin ang pagiging BIDA Bastonero sa atin pong mga komunidad.

Dito na lamang po magtatapos ang aking ulat, Ginoong Pangulo, at ako po ay handang sumagot po sa inyong mga katanungan. Salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Salamat, Secretary Duque. I'd like to call on Secretary Galvez. You have a report?

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.: Yes, sir. I have a report, sir.

PRESIDENT DUTERTE: Go ahead, please.

SEC. GALVEZ: Magandang gabi po, Mr. President; Senator Bong Go. Sa atin po, mayroon na po tayong 668, 018 healthcare workers vaccinated as of March 29, as of 3 p.m.

At nakikita po natin sa ngayon talaga na tama po 'yong sinabi niyo po na may tension tayo sa supply, considering that the different countries are ano are escalating their ano --- their vaccination. So with this they are ano they are prohibiting from exporting from their production. So ito po ang nagiging talagang problema po natin ngayon at talagang nagkakaroon po tayo ng severe, acute shortage ng ating global supply.

And then talaga pong marami pong variants po na appearing across the world requiring investigation triggering caution on border control. So marami pong mga different variants ang lumalabas at ang mga ito po ay talagang napapabilis ang pag-mutate at nagkakaroon po ng very accelerating transmission.

[Next slide, please]

And with this, napag-usapan nga po ng mga expert kanina at saka po 'yong private sector na kailangan talaga 'yon nga po sinasabi nga po, sir, ni Sir Paul Domiguez na we have to plan for possible re ano reinjection of jobs maybe next year. It will be an annual activity considering that the variants are very ano persistent so nag-calibrate po tayo ng plan. So ang plano po natin ngayon, Mr. President, by 2021, 2022, at saka 2023.

Sa 2021 po, ito ang tinatawag nating containment strategy to have an achieved steady supply of vaccines and scale up our vaccination through mobilizing the national government, the LGU, and the private sector.

So ang plano po natin ay magkaroon tayo ng scale up vaccination sa April and May. We are targeting to have 500,000 to 1 million per week. And then June, July, kung nandiyan na po ang ating mga supply, we will be targeting 2 million to 3 million per week. And then August, December, 3 million to 5 million per week.

Ito po very bold po ang ating target so that kung just in case magkaroon po tayo ng slippage, at least medyo mataas pa rin po 'yong ating vaccination rollout.

And then also in order to achieve 'yong herd immunity, kailangan talagang we have to maximize na magkaroon tayo ng vaccination na more or less 450 to 500 a day. Ang ano po natin ang pinaka parang pinakatarget po natin is we will have a better Christmas sa 2021.

And then ang ano po natin ang pinaka talagang target natin is the complete elimination of COVID-19 disease. So with that, we are communicating with the different manufacturer na nagde-develop po ng mga tinatawag nating booster vaccines, ng mga second generation, ng third generation vaccines that can ano --- that can prevent 'yong and also neutralize and eliminate including 'yong mga variants.

So ang ano po natin is really to eliminate the COVID-19 disease by active participation ng mga pharmaceuticals natin, 'yong sinasabi niyo nga po, Mr. President, na we will already authorize the pharmaceuticals to directly ano directly communicate with them so that we can have 'yong tinatawag nating vaccine security by 2022 po. And then also we are looking forward that by that time, we have fully recovered our economy.

And then, Mr. President, noong nagpunta po kami sa India, nakita po namin talaga 'yong kanilang target na magkaroon po ng health --- 'yong tinatawag nating self-sufficiency. Iyong pangarap po natin na magkaroon po tayo ng

mga vaccine ay kung titingnan po natin, noong 1939 po, tayo po ang nagdonate sa China ng mga vaccine.

At 'yong ano nga 'yong kinakausap po namin 'yong vaccine expert panel, parang naaalala niyo po 'yong sinabi niyo po na nagkakaroon tayo ng parang reward para sa 50 million kung sino man ang makaka-develop ng vaccine sa COVID-19. Maybe we have --- we can remember that and I believe we can ano, sir, we can push forward na magkaroon po talaga tayo ng ano ng self-reliance sa vaccine.

Kasi po noong nag-usap po kami ni Ambassador Bagatsing, Mayor, sinabi niya po talaga na kailangan talaga na magkaroon po tayo ng tinatawag na health security. Meaning ang ating mga gamot ay mapapababa po kung mayroon tayong sariling manufacturing capability dito sa ating bansa na ginawa po ng ano ng India when they were given independence by the ano by the British government.

So iyon po ang isang nakita po namin na magkaroon po tayo sana ng aside from the ano Universal Health Care Law, magkaroon po sana tayo ng Health Security Act na 'yong ating DOH at ang ating health care system will be modernized parang katulad po ng modernization na ginawa po natin sa Armed Forces of the Philippines para maka-cope po tayo sa susunod na mga tinatawag na pandemic.

So to 2023, at least we can start 'yong health self- sufficiency to next pandemic so that we can prepare just in case na magkaroon po ng next pandemic.

[Nex slide po.]

So ito po, sir, ang status ng rollout po natin sa ngayon, mayroon na po tayong 1, 233, 500 na na-deployed na vaccine, which is comprises 'yong 80 percent of our total vaccine kasama na po ito 'yong 400,000 na dumating noong donation po ng ano ng China.

So sa ngayon po, mayroon na po tayong na-vaccinate na 668, 018, which comprises 'yong 81.65 percent ng ating target na first dose. May na-deploy na po tayong first dose so malaki na po ang nakuha natin, more than 80 percent.

And then also, 43.79 thou --- percent over the total vaccine deployed and 39 or 40 percent over the total 1.7 million health workers. So mayroon na po tayong more or less 40,000.

Kung makikita po natin, Mr. President, kung makikita natin 'yong total vaccination natin nag-i-increase po. Sa first week, 35 --- 5, 000 po 'yong ating total na na-vaccinate; noong second week, 170, 862; noong third week, nagkaroon na po tayo ng 179, 626; and then noong fourth week, mayroon po tayong 279, 028.

Ngayon pong week na ito because of the ano the lockdown, ine-expect po namin baka bumaba kasi 'yong iba po hindi makalabas. Pero all of the mayors in NCR, they are committing na they will maximize 'yong vaccination po ng ating mga healthcare workers and also senior citizen.

So 'yong vaccination sites po natin na na-activate ngayon ay almost half na po kasi ang ano po natin, expected po natin na mga vaccination site is 4, 500 to 5, 000. And then 771 cities and municipalities na po ang nako-cover po natin. At ngayon nga po natanggap po natin 'yong 1 million na Sinovac na 'yong first tranche ng 25 million na ating procurement sa ano po sa China.

Sa April po, sigurado na po 'yong 1.5 million, Mr. President, sa April. Mayroon tayong Sinovac at mayroon na po tayong 2 million sa May. Napirmahan na po namin ni Secretary Duque 'yong ano po 'yong procurement order at hopefully ay darating po 'yon on time, most likely mga mid of April po.

And then mayroon din po tayong inorder po na Gamaleya, ito po 'yong Sputnik. Ang inire-request po sana natin 3 million pero ang na-commit po nila is 100,000 lang po. Pero sa ngayon po, nag-usap po kami ni Secretary Locsin at saka ni Usec. Dodo Dulay na kakausapin po nila si Prime (Foreign) Minister 'no --- Prime (Foreign) Minister Lavrov at titingnan po nila kung maiangat po ng 3 million. Talaga pong 3 million ang kailangan natin dahil kasi puwede po itong gamitin sa senior citizen, 'yong ano po natin kasi sa ngayon po mayroon po tayong limitation na hindi po dumating 'yong ano --- 'yong AstraZeneca na vaccine natin na galing sa COVAX.

Sir, ito po 'yong inyong guidance na 'yong ito po 'yong priority po nito dapat hindi natin bina-violate. Pero last meeting po namin, sir, considering that we have already have more or less one month na nailaan po natin sa healthcare workers, mayroon po tayong parang decision po ng NITAG at saka ng private sector at saka po ng ating mga espesyalista na puwede na po nating pagsamahin po 'yong A1, A2, at saka A3. Meaning, habang tinatapos po natin 'yong ano --- tinatapos po natin 'yong healthcare workers, puwede na po tayong magsimula sa senior citizens at saka persons of comorbidities.

Kasi po 'yong presentation po ng ating mga international expert na pagka pinagsama po natin 'yong tatlo po na 'yan, sila po kasi ang may burden of disease, 'yong tatlo po na 'yan. Pati po 'yong ano 'yong senior citizen, sila po ang karamihan namamatay. So ang ginagawa po ng ano ng mga expert katulad ng Israel at saka US at saka po 'yong ano 'yong Indonesia based doon sa experience po nila, pinagsama po nila 'yon para bumaba po 'yong ano 'yong occupancy ng ano ng hospital.

So parang tinutulungan na rin po natin 'yong healthcare worker na pagka wala pong ano, wala pong naho-hospital na may comorbidities at saka po mga elderly, nawawala po 'yong burden of disease at saka 'yong burden of death.

So ang ginawa po nating strategy ngayon is starting March ano po --- ending March 31, puwede na po tayong magsimula sa senior citizen kasi po 'yon po rin 'yong guidance niyo na madaliin po natin para 'yong mahihirap at saka po hindi kaya ang ano po lalo na 'yong mga matatanda na indigent, kailangan mabigyan din po natin ng ano ng proteksyon.

PRESIDENT DUTERTE: You know that is a good suggestion actually. I was about to well say a few things about the matter.

Kasi ganito 'yan eh, 'yong mga health workers lahat, 'yong sa priority A1 --- A1, kailangan bilisan niyo na 'yong --- 'yong mga ano sila, they must go now, they must look for a way to have the vaccines ahead of time. Kung ngayon na, huwag na nilang tagalan because ang nagahintay 'yong sunod, itong senior citizens.

Ngayon, itong the other guys downwards, they have to wait for their turn. So kailangan mabilisan pagdating ng bakuna nandiyan, sila na. Dapat itong -- itong 1, 2 and 3 maybe, ma --- ma-lump into one na paspasan when the bakuna is there so we can move on to the rest of the population.

Iyon. That's what I'm about to talk about.

SEC. GALVEZ: Sir, sinabi rin po ng expert kasi kailangan we are racing --- racing against time dahil mabilis po 'yong ano, 'yong virus at saka 'yong mga variants, kailangan i-concentrate daw po natin 'yong vaccines sa Metro Manila at saka sa mga karatig niyang area kasi kung hindi po natin sila ano sir, mauunahan po tayo, maraming mamamatay na mga elderly at saka may mga comorbidities. Tinatamaan po 'yong mga may sakit sa puso, 'yong mga renal patients. Pagka tinamaan po 'yan, talagang almost 50 to 60 percent talagang ano po, mamamatay po 'yan at saka talagang magkakaroon ng severe ano po, sir, mai-intubate.

So ang ano po, sir, ang recommendation ng ating mga NITAG experts at saka ating mga from the ano, from the health professional doon sa mga private sector, ang sabi po nila we have to concentrate our effort para ma-contain kaagad natin at magkaroon ng herd immunity 'yong Metro Manila para maka-ano po kaagad na ano makalaban po kaagad sa disease.

Kasi ang nakita po natin at least maano po natin ang 25 percent or 25 million na target natin nationwide, makuha po natin kaagad 'yong ano, 'yong --- 'yong percentage ng ano, 25 percent na --- kasi 25 million po 'yong ano eh, 'yong target natin para po mawala 'yong burden of disease at saka burden of death.

Kung ma-ano po natin ang Metro Manila na 25 percent to 30 percent po 'yong makuha natin sa Metro Manila, makuha natin kaagad 'yong mga senior citizens at saka 'yong mga vulnerable, bale po ano babagsak po 'yong ano, 'yong tinatawag nating 'yong hospitalization at saka babagsak rin po 'yong ano 'yong death.

So ginawa po natin 'yong 1.4 million po natin, ang ginawa po natin sa 1.4 million na Sinovac, idineploy (deploy) po natin po 'yan sa ano more or less 800,000 idineploy (deploy) po natin sa Metro Manila area at saka sa four provinces and also Davao and Cebu, 'yong mga matataas po 'yong ano 'yong mga ano po natin 'yong mga kaso.

So 'yon po ang ano po natin parang ang ginawa po natin pinagsama na po natin 'yong A1 at saka A2, at saka A3. And we are recommending also na para magkaroon po ng tinatawag nating identifier segments kasi coequal din sila, puwede nating ding pagsamahin 'yong A4 at saka A5.

[And then next. Next slide please.]

And then ito pong ano, ito pong B1 to B5, para hindi na magkaroon ng ano sir, kasi ano, sir, nagkakaroong po ng selosan. "*Bakit ako hindi kasama eh ako rin essential worker?*" For example, 'yong bakit nauna 'yong ano, bakit nauna 'yong overseas Filipino o nahuli 'yong overseas Filipino sa government workers?

So ang recommendation natin, sir, para i-simplified natin, puwede natin pagsamahin na 'yong B1 at saka B6 na coequal po sila kasi parang ganoon po ang nangyayari, "*Ako nagtatrabaho rin ako.*" "*Ako rin, frontliner din ako.*"

So ang ano po natin, puwede nating gawin na the possibility na puwede nating i-combine 'yang B1 at saka hanggang B6. Kasi ano po 'yon eh, talagang frontliners naman po 'yan eh, isang ano sila --- they are frontliners, either government or economic frontliners.

[Next slide please.]

So ito po 'yong ano, 'yong ginawa po ng ano, ng tatlong magagaling na countries. Ang ginawa po ng ano, ginawa po ng Israel, noong naka-15 percent po sila ng healthcare workers, tinira na po nila 'yong elderly. And then pagka once na naka 15 percent sila sa elderly, tinara na nila 'yong mga mayroong may sakit at saka nandoon sa home of the aged.

Ganoon din ang ginawa po ng ano, ng US at saka ng Indonesia. So 'yong A1, A2 at saka 'yong A3, pinagsama na po nila. So ngayon po noong ano, noong March 1, nag-start na po tayo sa A1. Ngayon po, 39 percent na po tayo sa ano, 39 percent na po tayo sa A1.

So most likely puwede na po nating magsimula tayo sa April 1, start-an na po natin 'yong A2. Kasi po kung magko-concentrate tayo sa Metro Manila, tapos na po ng Metro Manila 'yong ano po 'yong hanggang BHERTs, 'yong mga barangay health workers po natin.

So ang susunod na nila, sir, 'yong ano 'yong mga senior citizen at saka 'yong may comorbidities. So pinaghalo po nila ngayon 'yong ano 'yong A2 at saka A3.

And then sa May, sir, puwede na tayong mag-start po, sir, sa ano, puwede na tayo sa May, puwede na tayong mag-start sa ano, sa A4 at saka sa A5. Kasi po 'yong sinasabi niyo nga po na naiinip na 'yong mga mahihirap. So 'yong A5 po, 'yon ang mga indigenous na tao. Iyon po 'yong nandoon po sa ano, nandoon po sa mga nakita nating mga informal settlers.

And they --- they ano, they also have the burden of the disease sa with that. So 'yong inaano po ni Senator Bong Go na mauuna po ang mahirap, 'yon po ang nakita natin na 'yong solusyon natin na kailangan po i-combine na lang natin po 'yong ano 'yong A4 to A5. Pagka dumating na po 'yong ating mga vaccines sa May, puwede na po nating pagsabay-sabayin po 'yong A1, A2, A3, A4 at saka A5 and we will discuss this thoroughly with the NITAG.

And then sa July, nandoon na po 'yong ating mga vaccine, sinasabi naman po natin nagkakaroon tayo ng prioritization, only when we have --- only when we have scarcity of vaccine. Pero pagka once na ano, sir, na 'yong

vaccine na available po sa atin may steady supply na po tayo, puwede na nating pagsabay-sabayin po, Mr. President. Para at least ma-maximize na po ng ano, ma-maximize na po ng mga LGU, mayroon na silang flexibility para ang ano po, ang ating target na 500,000 a day, kaya po natin. Iyon po ang inaano po namin, Mr. President.

Then I believe 'yon lang po ang aking presentation, Mr. President, na ito po 'yong guidance niyo po na talagang madaliin na 'yong ating mga kababayan ay mabakunahan po kaagad soonest possible time po.

PRESIDENT DUTERTE: You know, I'm --- I'm urging you to do it fast. I'm going to sign that document that you are --- we have been referring to, immediately when... Titingnan ko doon sa working table ko kung nakapatong doon and I will sign it immediately.

MMDA CHAIRMAN BENJAMIN ABALOS JR.: Sir, can I present? Can I have my presentation?

PRESIDENT DUTERTE: Yes, go ahead. I would appreciate it.

CHAIRMAN ABALOS: Sir, to answer your question sir 'no, ito po 'yong Metro Manila experience sa mga nangyari for the last several days ano po.

[Next please.]

Ito po 'yong na-compile po naming mga kaso. Ito po'y galing mismo sa mga local government units na ibinibigay po sa MMDA.

[Next please.]

Noong huli po kaming nag --- na akong kasama niyo pong nag-briefing sa bayan, ang report po ng aming active cases ay 23,963. In a different --- difference lang po ng apat na araw, Mr. President, tumaas na kaagad ng 888 po sa Kalakhang Maynila.

[Next please.]

Well, 'yon pong pinag-uusapan natin kanina about contact tracing, about swabbing 'no, talagang tama po kayo magastos, iyon po ang ginawa dito sa Kalakhang Maynila 'no: itong contact tracing, testing, isolation, lockdowns 'no.

[Next please.]

To go through this, sir, ang MMDA po ay nag-allocate ng 600 na contact tracers. At nagpapasalamat po ako sa pamunuan ng PNP, sila po ay --- nandiyan po si Usec. Bernie Florece, ng 362 contact tracers. Bukod pa po ito sa mga kinukuhang contact tracers ng mga mayor po sa Kalakhang Maynila 'no. So napakagastos lang pag-hire lang po ng contact tracers talagang iba po.

[Next please.]

Iyong pong pinag-uusapan po kanina nating mga testing, napakamahal po, Mr. President, 'no. Alam niyo, nagsimula po ito noong about one week ago, nagbigay po ang National Task Force through Secretary Vince Dizon at saka nandiyan po si Sec. Charlie, ng kulang-kulang 25,000 na --- na ano po ito, kits po ito sa Red Cross. Ang halaga po nito ay 100 million more or less 'no. Talagang binuhos po ito sa Metro Manila.

About two days ago, tumawag po ulit ako at humingi ako ng tulong, muli nagpapasalamat po kami kay Sec. Charlie at kay Sec. Vince Dizon ng NTF, nagbigay silang panibagong 25,000 po na testing kits, ito po 'yong PCR swabbing 'no na amin pong dinistribute po sa mga mayors ng Kalakhang Maynila.

Kaya makikita po natin dito talagang intensive po talaga ang naging testing po dito po sa Kalakhang Maynila at sa mga --- sa mga susunod na araw po na mayroon po tayong ECQ.

[Next please.]

At hindi lang po 'yon ang magastos, Mr. President, 'no. At unang-una po, nagpapasalamat din ako po kay Secretary Briones at kay Secretary Duque dahil 'yong --- once ma-test na po namin at ma-contact trace, kailangan dalhin po namin sila sa isolation.

Napakalaking bagay na pinahiram po ang mga eskwelahan dahil nakamura po tayo 'no. Iyon pong tinatawag na mga asymptomatic ay diyan po nilalagay sa mga eskwelahan. At malaking bagay ito dahil malapit lang po sa bahay nila.

Ngunit 'yong iba po ay nilalagay po sa tinatatawag nating Oplan Kalinga o 'yong mga hotel. Hindi rin po biro ang gastos po rito, malaki rin po ano. Sa ngayon po, Mr. President, ang occupancy rate na po nitong mga isolation na

tinatawag ay humigit kumulang 82 percent na po ang kapunuan 'no pero may buffer pa po tayong mga 18 percent.

[Next please.]

Iyon naman pong mga mild, positive asymptomatic na kinakailangan naman po na ma-check, ma-monitor ng mga doktor ay dito naman po natin nilagay. Sila po ay 77 percent na po ang kapunuan.

[Next please.]

Ngayon po, 'yon pong mga granular lockdowns na, sa ngayon po habang nagsasalita po ako itong araw nito, pagka-declare po ng ECQ sa buong Kalakhang Maynila, sa pitong LGU ay kulang-kulang 192 granular lockdowns. Ito po ay maaaring kalye, maaaring mga barangay po 'no.

Talagang intensified po ito. At hindi rin po biro ito, Mr. President. Dahil ito po, habang naka-lockdown po sila ay binibigyan ng ayuda po ito ng LGU: pagkain, umaga, tanghali, gabi ano, kung ano-anong mga in kind po ito. Kaya hindi rin po biro ang gastos po rito.

[Next please.]

At ito pong mga susunod na ECQ, Mr. President, nagpapasalamat po ako sa Secretary of National Defense and of course sa ating --- iyon po muli sa ating DILG sapagkat nagpo-provide po sila ng mga military trucks, mga buses, and of course sa MMDA po, sa aming himpilan, dahil baka po --- dahil sa mga sasakyan ng ating mga frontliners.

[Next please.]

At habang nagsasalita po at habang ginagawa po natin itong ECQ: itong mga testing, lockdowns, ang magandang balita naman, Mr. President, ay tuloy-tuloy naman po ang ating mga vaccination 'no.

Itong mga larawan na pinapakita ko, kuha po 'yan kanina lang 'no na habang naka-ECQ tayo, maski na mahigpit tayo, nagti-testing tayo, nag-i-isolate tayo, ayan naman ang solusyon sinasabi po ni Sec. Charlie Galvez. Tuloy-tuloy po

'yan sa iba-ibang lungsod. *[Next please.]* Ito pa ho 'yong mga ibang larawan. Iba-ibang cities po 'yan.

[Next please.]

At bilang panghuli, Mr. President, 'no. Alam niyo, sa mga --- sa mga kababayan po natin, talagang mabigat ang kinakaharap natin. Nasabi nga ng ating Presidente, hindi lang tayo nag-lockdown. Nandiyan ang Poland, ang Germany, ang UK 'no.

Alam ko mahirap maiwan dahil nire-restrict po natin ang mobility. Pero muli, gusto kong magbalik-tanaw po tayo na noong araw sa NCR, talagang bigla na lang nagulat because of this virus.

Pero nasabi ko po noong briefing three days ago, may isa po akong sinusubaybayan na lugar, ito po ang Pasay 'no. Dahil --- bakit po Pasay? Dahil dito po nagsimula ang lahat eh. Dito po nanggaling 'yong variant 'no at bigla po siyang tumaas.

Kung titignan po natin noong mga bandang Marso, talagang nag-spike siya ng 220 'no. Talagang... At ang ginawa ng Pasay, talagang massive, massive po na halos lockdown, ni-lockdown niya ang buong city.

Pero it took Pasay one month. Mabigat po kay mayora 'to. Siya ang nagpapakain, massive swabbing, massive testing, ang laki nang ginastos ng Pasay. Isang buwan po itong gamutan.

Ngunit --- ngunit ito ang maganda silver lining at sinasabi ko sa bayan, naggastos nga tayo, makikiisa ang bayan naman, anong ang nangyari sa Pasay? Ngayon, unti-unti, maski kaunti lang, bumaba po siya from 987 to 902. Kanina, pinakuha ko ulit, to 888.

Ibig sabihin, itong isang buwan na pinaghirapan nila halos lockdown 'no, ito. Kaya nga ang gagawin natin sa bayan natin ay parang ganito po 'no.

[Next please. Next please.]

Ito po ang ginawa ng Pasay. *[Ay, pakibalik lang. Okay.]* Nag-lockdown siya, nag-total lockdown siya, tignan niyo ang contact tracing na ginastos niya from 7,000 to 30,000 isang buwan. Kanyang tinignan ang F1 hanggang third generation at ang swabbing niya, Mr. President, hindi lang 6,000, seventeen thou --- 6,000 noong February, hanggang ngayon, hanggang Marso, 17,000. Ongoing pa po 'yan. It's so hard to quantify po ang gastos.

Pero at the end of the day --- [*Next please.*] --- dahil sa alkalde, sa leadership ni Mayor Emi, sa mga city officials, ang barangay captain, lahat nagtulungan, ang DOH, DILG, PNP, ang Office of the President, there is still a silver lining at the end of this (cave?), sir, 'no. There's still light at the end of the rainbow. Kayang masolusyonan 'no. At least kaunti lang po ito pero kaya. And that's what is happening right now.

So iyon po ang aking report, Mr. President. At huli man, Mr. President, belated happy birthday nga po pala sa inyo.

Magandang gabi po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. Gusto ko lahat lumabas ito para lalo na 'yong the earlier of talk was... Para malaman ng tao at saka malaman ng mga mamamayan, lalo na 'yong mahirap na hindi sila kinakalimutan, na sila ang may prayoridad.

So we cut this meeting. Gentlemen, thank you for your presence. [*applause*]

--- END ---